


FILIPINO **WEEK 1**

# Ang Katotohanan sa Pagdurusa

## NOTES

## WARM-UP

- Mahilig ka bang magbiyahe? Bakit o bakit hindi?
- Ano ang paborito mong kategorya ng pelikula? Ano ang gustung-gusto mo sa mga pelikulang ito?
- Alin ang mas gusto mo: kathang isip na mga babasahin, o makatotohanang mga babasahin? Bakit?

## APPLICATION

- Anong paghamon ang iyong pinagdaraanan sa ngayon? Papaano mo maisasapamuhay ang iyong natutunan ngayon?
- Papaano ka lalago sa iyong pang-unawa at sa pagtitiwala sa Diyos sa bawat araw na nagdaraan? Papaano ka mas lalalim sa Salita sa linggong ito?
- Sino sa palagay mo ay may pinagdaraanang matinding paghamon sa panahon na ito. Papaano mo matutulungan ang taong ito ngayong linggong?

## PRAYER

- Kung ikaw ay dumaraan sa isang pagsubok ngayon, hingin sa Diyos ang kalakasan, kaginhawaan, at biyaya na malampasan ang mga ito sa tulong ng Diyos. Ipanalangin na ikaw ay magtitiwala at sasambahin ang Diyos sa kahit anong sitwasyon na kaharapin.
- Ipanalangin na baguhin ng Diyos ang iyong pagiisip habang ikaw ay nagbabasa ng Kanyang Salita. Ipanalangin na Salita ng Diyos ang maging basehan ng iyong mga pananaw at pang-unawa.
- Ipanalangin ang mga kilala mong dumaraan sa pagdurusa. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang damayan sila at mapatibay ang kanilang loob.

VICTORY

© 2014 ng Victory®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.
Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

Ang pagkopya ng lathaing ito ay pinahihintulutan para sa lokal na simbahan. Hindi ito ipinagbebenta.
victory.org.ph

**WORD**

*May isang lalaking nakatira sa lupain ng Uz na ang pangalan ay Job. Matuwid siya, walang kapintasan ang pamumuhay, may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan.* **JOB 1:1**

---

Isa sa mga karaniwang katugunan sa pagdurusa ay ang pagnanais na malaman kung bakit ito nangyayari o kung bakit sa atin ito nangyayari. Sa totoo lang, ang pagdurusa sa ating buhay ay hindi maiiwasan, tagasunod man tayo ni Jesus o hindi. Pagpupuri sa Diyos sa gitna ng pagpapala ay mukhang madali, ngunit papaano tayo tutugon kapag ang ating kinaharap ay kahirapan at mga pagsubok? Si Job ang isang tao na kumaharap sa matitinding pagdurusa, at sa aralin na ito, ating matututunan kung papaano siya tumugon sa mga ito.

## 1 Nagpasya si Job na sambahin ang Diyos sa gitna ng pagdurusa.

*Nang marinig iyon ni Job, tumayo siya at pinunit ang kanyang damit para magdalamhati. Pagkatapos, inahit niya ang kanyang buhok sa ulo at nagpatirapa sa lupa para sumamba sa PANGINOON.* **JOB 1:20**

Lahat ng mga bagay sa buhay ni Job ay naglaho sa loob lamang ng isang araw kasama na rin ang kanyang kabuhayan (vv. 13-17), mga ari-arian (v.19) at mga anak, (v.18). Sakabila ng lahat ng mga ito, nagpasya si Job na sambahin ang Diyos. Madalas ay mas madali para sa atin na sambahin ang Diyos kapag nararanasan natin ang Kanyang pagpapala, ngunit tulad ni Job, kailangan nating sambahin ang Diyos may pagdurusa man o wala. Papaano mo natutunanang sambahin ang Diyos sa gitna ng pagdurusa?

## 2 Tinanggap ni Job na siya ay tao lamang at ang Diyos ay makapangyarihan.

*Sinabi niya, "Ipinanganak akong walang dala at mamamatay din akong walang dala. Ang PANGINOON ang nagbigay ng lahat na mayroon ako at ang PANGINOON din ang kumuha. Purihin ang pangalan ng PANGINOON!"* **JOB 1:21**

Ang katugunan ni Job sa pagdurusa ay isang pagkilala sa sarili niyang limitasyon—tao lamang, mahina, at hindi buo—ang Diyos naman ay makapangyarihan--nalalaman ang lahat, makapangyarihan sa lahat, palaging karapat-dapat. Alam ni Job na siya ay walang karapatan sa lahat ng pagpapala ng Panginoon na naibigay sa kanya. Kaya't nang bawiin sa Kanya ng Diyos ang mga ito, nagpakumbaba si Job sa kanyang sarili at kinilala na siya ay wala kung wala ang Diyos. Bakit kinakailangang tayo ay magpakumbaba sa Diyos at hindi pinaglalaban ang karapatan?

## 3 Hindi sinisi ni Job ang Diyos sa kabila ng lahat ng nangyari.

*Sa kabila ng lahat ng nangyari, hindi nagkasala si Job. Hindi niya sinisi ang Diyos.* **JOB 1:22**

Hindi man naintindihan ni Job ang kanyang sitwasyon at layunin o dahilan ng kanyang pagdurusa, mas minarapat niyang hindi magkasala o sisihin ang Diyos sa lahat ng mga nangyari. Sa halip na sisihin natin ang Diyos sa ating pagdurusa o magpumilit na alamin kung bakit tayo nagdurusa, bilang Kanyang mga anak, kailangan nating magtiwala sa Kanya. Sa palagay mo, papaano natin mababantayan ang ating sarili na hindi sisihin ang Diyos kapag mayroong kinakaharap na mga pagsubok?